# Huwag ngang mamamatay ang isa sa inyo malibang habang siya ay nagpapaganda ng palagay kay Allāh."}

Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), tatlong araw bago ng pagpanaw niya, na nagsasabi: "Huwag ngang mamamatay ang isa sa inyo malibang habang siya ay nagpapaganda ng palagay kay Allāh."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Muslim na hindi mamatay malibang habang siya ay nagpapaganda ng palagay kay Allāh sa pamamagitan ng pagpapanaig niya sa aspeto ng pag-asa sa sandali ng paghihingalo na si Allāh ay maaawa sa kanya at magpapaumanhin sa kanya dahil ang pangamba ay hinihiling para sa pagpapaganda ng gawain. Ang kalagayang iyon ay hindi kalagayan ng mga gawain kaya ang hinihiling dito ay ang pagpapanaig niya ng pag-asa.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee